

## **900 Christian Marriage ©**

**Conrad Jun Tolosa**

Revised November 21, 2021

### **CM903. Paano Maiiwasan ang Marital Problems**

Walang magsasabi na perfect ang kanilang marriage sapagkat alam nila na wala namang maniniwala. Ang kasabihan na walang perfect marriage ay totoo, subalit hindi naman ibig sabihin nito na hindi na magta-try ang mag-asawa na mag-aspire to be perfect ang kanilang marriage situation. Kung ang objective ng mag-asawa ay maging as close to perfection as possible ang kanilang marital relationship, mayroong mga bagay na aware dapat sila.

#### **1. Expectations and Tendencies**

Sa ating panahon, ang marriage usually, ay nagsisimula sa pagkakagustuhan ng isang lalaki at isang babae. Bihira na ang tinatawag na arranged marriage. Hindi naman ibig sabihin nito na walang pag-asang lumigaya ang mag-asawa na resulta ng pagkakasunduan ng kanilang mga magulang. Noong Old Testament times, ito ay talagang nangyayari. But, kung free choice ang paglagay sa tahimik paano ito nagsisimula?

Ang knowledge tungkol sa marriage ay nagmumula sa mga analytical theories or experiments ng mga kinikilalang experts in the field, or it is based on personal experiences. Base sa pag-aaral o kahit reflection lang, magkakaroon tayo ng sarili nating paniniwala kung paano nagsisimula ang pagkakagustuhan ng dalawang nilalang.

Sa aking pagsusuma, ang starting point ng marriage ay nagsisimula sa: a) physical attraction kaya ito ay may sexual content, b) personality or talent admiration kaya maaaring walang sexual content, o c) emotional or yung cino-consider nating good chemistry reaction. Overtime, ang relationship na nagsisimula sa alin mang starting point na ito kapag magpapatuloy ay made-develop into a more involved relationship. Maaaring humantong ito sa close friendship or even into a romantic one. Halimbawa, ang physical attraction ay nadaragdagan ng admiration at later on ng emotional component; at ang nagsisimula sa pagkagusto ay mauwi sa *need kitang makita at need kitang makausap*.

Ang mahalagang maunawaan - kung sakali mang mauwi sa kasalan ang relationship - ay ang magkaroon ng awareness ang mag-asawa tungkol sa kung paano na-develop ang kanilang pagmamahalan sa isa't isa. Kailangang maging conscious ang mag-asawa kung paano yung *want kita* ay nauwi sa *need kita* sapagkat ang mga ito ang nagbigay porma sa kanilang mga expectations from each other before marriage at mangangailangan ng maintenance.

Kapag nagkalimutan na kung ano ang dahilan ng kanilang pagkakagustuhan, madali na mag-drift apart ang dating magkasintahan dahil sa napapawing interest sa isa't isa. Halimbawa, ang attractiveness ng physical appearance ng ka-partner ay maglalaho dahil sa over exposure. Siyempre, nagkikita ang mag-asawa araw-araw so mawawala na yung *miss na kita*. Kapag hindi na nauuhaw ang tao, hindi na siya maghahanap ng tubig. So, ang magiging tendency ay to take each other for granted. To make matters worse ay kapag hinalo pa sa scenario ang pinag-aralan natin about natural tendency to be self-centered.

Ibig sabihin, magkukulang talaga sa pansin ang mag-asawa for each other. Sa aminin ma't hindi, ang need to be noticed and appreciated ay common expectation. Kaya kapag madalang na ito, magkakaroon ng perceived unmet need. Ang mahirap ay kapag binaon ito deep inside of the person dahil habang tumatagal, the pressure inside builds up and if not diffused, pagdating sa critical point, ito ay sasabog. Pagsabog, this means war.

Hindi madaling unawain ang dahilan kung bakit ang isang tao na may dinaramdam ay hahayaan niyang manatili ito sa kanyang puso; hanggang sa ito ay manirahan sa kanyang sub-conscious. Ito ang nangyayari kapag binabaon o pinagkakaila ang perceived unmet needs. You can imagine kung anong claseng pressures ang mararamdaman ng isang tao na mayroong mga repressed needs.

## 2. Conflict Resolution

Kapag inisip ang epekto ng kasalanan sa puso ng tao at ng hatol ng Diyos sa mga nagkasala, hindi maiiwasan na magtaka kung paano mayroong mag-asawa na nakakapanatiling magkasama. Kung parehong self-centered ang mag-asawa, paano na sila? Lagi na lang away ang buhay nila. So, wala bang kahihinatnan ang subukin pa na magkasundo ang magkagalit na mister at misis?

Balik-tanawin natin ang pangyayari sa panahon ni Noah nang ang matinding baha ay bumalot sa buong mundo. Isaisip natin muli na bago dumating ang delubyo, ang kalagayan ng mundo ay masasabi na nasa *state of chaos*. Nakita ng Diyos na puno ng kabuktutan ang tao sa mundo, at ang bawat balak na pinag-iisipan ng kanyang puso ay pawang kasamaan lamang (Genesis 6:5). Ito ay patunay na kung hindi gagawa ng hakbang ang Panginoon ay mawawalan ng saysay ang buhay ng tao. Subalit ang Kanyang mayamang biyaya ay hindi nakakalimot bumisita sa sang-katauhan.

Sa kabila ng human condition sa Genesis 6:5 at ng delubyo, binigyang diin pa rin ng Diyos na ang tao ay nilalang sa Kanyang sariling wangis (Genesis 9:6; James 3:9). Ibig sabihin, hindi tuluyang nabura ng kasalanan ang wangis ng Diyos sa tao; hindi nga lang ito maaninaw nang mabuti, pero mayroon pa ring bakas. At dahil na rin sa tinatawag na *common grace* ng Diyos (sa mananampalataya at sa mga makasalanan), mapagmamasdan pa rin natin ang mga kabutihan na nagaganap sa ating kapaligiran sa likod ng mga ordinaryong kasamaang nangyayari.

Sa loob man ng tahanan, kahit puro makasalanan ang mga nakatira sa isang bahay, mayroon pa rin kabutihang napagmamasdan – tulad nang pagkakasundo ng mag-asawa na wala nang ginawa kundi ang magbangayan. Kaya mayroong mag-asawa na nananatiling magkasama habang nabubuhay kahit sila ay hindi mananampalataya. Dahil sa *common grace* nagiging posible ang conflict resolution.

Ang tanong ay ito: Paano nararating ang marriage conflict resolution?

Malaking tulong kung itatanong at haharapin ng mag-asawa kung ang mga expectations nila sa isa't isa ay reasonable at kung ang mga ito ba ay doable long term. Yun bang mga starting points ng romantic relationship - physical attraction, talent effect o good chemistry - ay mayroong maintenance system in place? In other words, sinasariwa ba nila ang mga starting points na ito?

Kapag nagpe-persist ang conflict in spite of trying hard ng mag-partner, mayroong dalawang posibleng paraan para makamtan ang resolution - surrender o compromise.

*O sige na nga, ikaw na ang masunod para matapos na ang usapan. Kapag ito ang sinabi ng isang panig, ito ay surrender. Tapos na ang conflict. Peace. Halimbawa, sa pagpili ng oorderin mula sa menu. Gusto ko baboy. Ayoko ng baboy, gusto ko manok. May conflict. Sabi ni Mister, Sige na nga manok na lang. Surrender. Nag-give-in si Mister kay Misis. Conflict resolved. Really?*

Same scenario sa restaurant. Gusto ni Tatay, adobong baboy, Pero gusto ni Nanay, adobong manok. Okay ang orderin natin ay adobong magkahalong baboy at manok. Ang tawag dito ay *compromise*. O, maaari din namang ang compromise ay ganito: Adobong manok this time, pero sa susunod ay adobong baboy naman, Ok?

Hindi mahirap unawain na ang preferred na conflict resolution ay compromise. Compromise requires dialogue; dialogue means open communication. Hindi solusyon ang surrender dahil kapag surrender, may tendency na gumanti ang natalong panig. Subalit, kahit compromise ang naka-solve ng conflict, hindi ito guarantee na hindi na ito mauulit. Dahil sa self-centered nga pareho ang mag-asawa, ang conflict ay dapat nang bantayan sapagkat mangyayari at mangyayari ito kapag hindi nag-ingat ang mag-asawa.

Maliban na lang kung ang isa sa kanila ay may kamay na bakal. In which case, total surrender na ang isang panig. Ibig din sabihin ay total failure na ang marriage nila.

### **3. Impasse**

Dumarating sa pagsasama ng mag-asawa ang tinatawag na *Impasse*, ang acceptance na wala nang kahihinatnan ang kanilang pagtatalo. Tapos na ang dialogue. Magsisimula na ang panlalamig. Ibig sabihin nito ay cold war hindi open hostility. Ito ay ang delikadong condition ng marriage sapagkat mananatiling unresolved ang conflict at mananatili ang mga perceived unmet needs in question at walang makitang light at the end of the tunnel. So, kapag ganito na ang sitwasyon, oras na lang ang bibilangin at maghihiwalay na ang mag-asawa. Magkakanya-kanya na sila ng biyahe.

Dalawang bagay lamang ang makakaiwas sa outcome na ito – marriage counselling/therapy o isa sa mag-asawa ay ma-born-again. Ang dynamic ng pag-uusap ng magkagalit ay magkakaroon lamang ng pagbabago kapag may third party na mamag-itan sa kanila. Alam natin na isa lamang ang permanent solution sa ganitong sitwasyon – ang presensiya ng Diyos.

#### **I. Multiple choice**

1. Masasabi nating ang pag-aasawa ay made in heaven sapagkat masaya ang pakiramdam sa pag-aasawa.
  - a. True
  - b. False
2. Hindi kailangan pagsumikapan ng mag-asawa na maging perfect ang kanilang marriage sapagkat
  - a. Wala namang perfect marriage
  - b. Magiging frustrating lamang sa bawat isa
  - c. Wala rin itong kahihinatnan
  - d. None of the above

3. Ang kadalasang simula ng pag-aasawa ay may kinalaman sa
  - a. Personality admiration
  - b. Physical attraction
  - c. Emotional attraction
4. Ang emotional attraction ay may kinalaman sa
  - a. Subject ng chemistry
  - b. Mataas na antas ng chemistry
  - c. Pagkakaroon ng good chemistry response
5. Sa simula, ang physical attraction ay nadaragdagan ng personality and emotional attractions na nagwawakas sa fatal attraction.
  - a. True
  - b. False
6. Upang hindi mawala ang physical at sexual attraction ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae, kinakailangang
  - a. Lagi siyang nakaayos kahit nasa bahay lang
  - b. Lagi siyang mabango at bagong ligo
  - c. Lagi siyang mayroong interesting na topic na maaari nilang pag-usapan
  - d. None of the above
7. Ang mga relasyon na nauuwi sa kasalan ay hindi dapat nakabase sa mga wants and needs ng bawat isa.
  - a. True
  - b. False
8. Kailangan bang siguruhin ng mag-asawa na ang expectations nila sa isa't isa bago sila ikasal ay reasonable at doable?
  - a. Yes
  - b. No
9. Kailangan bang isa-alang-alang ng mag-asawa ang mga starting points ng kanilang relationship katulad ng physical, personality at iba pa?
  - a. Yes
  - b. No
10. Ang desires and tendencies ng tao ay factors na maaaring mag-create ng pressure sa mag-asawa at maging sanhi ng kanilang pagkakagalit.
  - a. True
  - b. False
11. Kung ang mag-asawa ay parehong self-centered, may pag-asa pa bang maging maayos ang kanilang pagsasama?
  - a. Oo, kung ang isa sa kanila ay matututong magparaya.
  - b. Oo, kung aaminin nila ang kanilang pagkakamali sa isa't isa.

- c. Oo, kung ito ay gagawin nila alang-alang sa kanilang mga anak.
  - d. Oo, dahil sa common grace ng Diyos para sa mga mananampalataya at mga di-mananampalataya
12. Ang common grace ng Diyos ay tinatanggap ng
- a. Mga mananampalataya at mga di-mananampalataya na sumusunod sa Diyos
  - b. Mga mananampalataya at mga di-mananampalataya
  - c. Mga mananampalataya at mga di-mananampalataya na gumagawa ng mabuti.
13. Ang concepto ng common grace ay
- a. Makikita sa loob ng kahit kaninong tahanan
  - b. Makikita sa loob ng tahanan ng mga Cristiano
  - c. All of the above
14. Ang wangis ng Diyos ay hindi tuluyang nabura sa makasalanang sangkatauhan
- a. Kaya mapagmamasdan pa rin ang kabutihang nagaganap sa ating kapaligiran
  - b. Subalit ito ay hindi na maaninaw ng mabuti
  - c. All of the above
15. Paano nararating ang marriage conflict resolution?
- a. ang masinsinang pag-uusap patungkol sa expectations ng mag-asawa saisa-t isa
  - b. pagsariwa ng mga magagandang eksena sa kanilang buhay nang sila ay nagsisimula pa lang
  - c. surrender sa kung ano ang kalooban ng Diyos para sa kanila bilang mag-asawa
16. Ang isang paraan ng conflict resolution ay tinatawag na surrender.
- a. Ikaw na ang tama at ako ang mali para wala nang maraming discusyon.
  - b. Okay, panalo ka na kaya gawin natin ang iyong ninanais.
  - c. Kahit alam kong tama ako, pero dahil ipinipilit mo ang iyong katuwiran, quiet na lang ako.
  - d. Lahat ng nasa itaas na scenario ay pag-surrender.
17. Ang isa pang paraan ng conflict resolution ay tinatawag na compromise
- a. subalit hindi ito garantiya na ito nga ang pinakamabuting solution.
  - b. kung saan isinasa-alang-alang ng bawat isa ang mabuting punto at nagtatagpo sa gitna para magkaroon ng solusyon ang problema.
  - c. Kung saan nagbibigayan ang dalawang panig.
  - d. Lahat ng nasa taas ay tamang sagot.
18. Ang compromise ay magandang conflict resolution upang si mister ay hindi na mahirapan magdesisyon.
- a. True
  - b. False
19. Ang impasse ay ang pagkakasundo na wala nang pwedeng mapagkasunduan ang mag-asawa.
- a. True
  - b. False

20. Ang maaaring solusyon sa sitwasyon na tinatawag na *Impasse* ay
- Separation
  - Marriage counselling
  - None of the above

## II. Short Essay (250 words or more)

Base sa iyong karanasan (kung ikaw ay may asawa na) o obserbasyon (kung ikaw ay single at nagbabalak mag-asawa), ano ang madalas na pinagtatalunan ng mag-asawa at paano ito nireresolba?

**Note:**

- Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.



© Revised: November 21, 2021 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.